SEVEN OAKS
SCHOOL DIVISION
community begins here

Board Office
830 Powers Street
Winnipeg, MB. R2V 4E7

Telephone: **204.586.8061**
Fax: **204.589.2504**

Enero 6, 2022

Minamahal naming Magulang / Guardian:

Noong Enero 4 ay inanunsiyo ng Probinsiya ng Manitoba ang pagbubukas ng mga paaralan simula Enero 10.

Karamihan sa mga mag-aaral ay sa remote learning sa Enero 10 hanggang Enero 14.

Ang mga magulang/guardians ng mga mag-aaral sa Kindergarten hanggang Grade 6 na nagtratrabaho sa critical services na tinukoy ng probinsiya na hindi makahanap ng alternate arrangements kasali na ang mga magulang/guardians kung saan ang mga anak ay may additional needs ay iniimbitahang ipasok sila sa paaralan para sa in-person learning.

Ang in-class learning para sa lahat ng mag-aaral ay magsisimula sa Enero 17.

Ipagpapatuloy nating gawin lahat ang mga resonableng pamamaraan para sa kaligtasan ng ating mga paaralan.

Kinakailangan ang Medical Masks
Lahat ng staff at mag-aaral ay kinakailangang gumamit ng medical grade masks (ang mga paaralan ay mayroon nito).

Manatili sa Bahay kung may Sakit
Pinakamahalaga sa lahat na ang mga mag-aaral at staff ay manatili sa bahay kung may sintomas ng cold at flu.

Bakuna ang siyang Pinamabisang Depensa
Ang mga pamilya ay hinihikayat na sila at ang kanilang mga anak ay magpabakuna sa pinakamadaling panahon. Ang pagbabakuna ay epektibo para pigilan ang malubhang sakit, pagka-ospital at kamatayan.

Rapid Antigen Tests
Mayroong supply ng Rapid Antigen Tests na gagamitin ng mga mag-aaral sa Kindergarten hanggang Grade 6 na ipapamigay sa mga pamilya sa susunod na lingo. Ang tests ay madaling gamitin at makapagbibigay ng karagdagang sukat ng seguridad.

Ventilation
Lahat ng ating mga paaralan ay ganap sa sumusunod sa mga patnubay ng Probinsiya ng Manitoba.

Ito ay hamon para sa ating lahat. Salamat sa ating mga staff sa kanilang tiyaga at dedikasyon. Salamat din sa inyong kooperasyon at suporta. Ito ay huhupa.

Gumagalang,



Brian P. O'Leary
Superintendent

BPO/dlh